



Bakuna ng Subunit ng Protina na COVID-19 Protein Subunit Vaccine

Ang pagbabakuna ay nagligtas ng maraming buhay sa Canada sa huling 50 mga taon kaysa sa anumang iba pang hakbang sa kalusugan.

Ano ang bakuna ng subunit ng protina ng COVID-19?

Pinoprotektahan ng bakuna ng subunit ng protina laban sa COVID-19 (Novavax) laban sa impeksyon mula sa severe acute respiratory syndrome coronavirus 2 (SARS-CoV-2) na nagdudulot ng COVID-19. Ang bakuna ay nagiging sanhi ng paggawa ng iyong katawan mga antibody na tutulong na protektahan ka mula sa pagkakasakit kung nalantad sa virus. Ang bakuna ay inaprubahan ng Health Canada.

Sino ang dapat makakuha ng bakuna?

Ang subunit na protina na bakuna ay inaprubahan para sa mga 12 taong gulang at mas matanda. Ang higit pang impormasyon, kabilang ang kung paano magparehistro para sa bakuna, ay matatagpuan sa website ng Pamahalaan ng British Columbia:

www2.gov.bc.ca/gov/content/covid-19/translation/tl/immunization.

Kung nagkaroon ka, o maaaring nagkaroon ka, ng COVID-19 dapat ka pa ring kumuha ng bakuna. Ito ay dahil maaaring wala kang panlaban sa virus at/o mga variant ng virus na sanhi ng COVID-19 at maaaring mahawahan at magkasakit muli.

Paano ibinibigay ang bakuna?

Ang bakuna ay ibinibigay sa pamamagitan ng iniksyon bilang 2 dosis. Inirerekomenda ang karagdagang dosis ng bakuna para sa ilang taong may mahinang sistemang panlaban sa sakit dahil maaaring hindi sila magkaroon ng malakas na tugon na panlaban sa sakit sa bakuna. Ang mga detalye kung sino ang dapat makakuha ng karagdagang dosis ng bakuna ay maaaring makita sa website ng Pamahalaan ng British Columbia sa:

www2.gov.bc.ca/gov/content/covid-19/translation/tl/immunization.

Ang isang dosis ng pampalakas (booster) na bakuna sa COVID-19 ay ibinibigay sa mga karapat-dapat na tao na nakakumpleto ng kanilang mga serye ng bakuna upang palakasin at magbigay ng mas mahabang proteksyon laban sa sakit na COVID-19. Ang subunit na protina na bakuna ay inaprubahan lamang para gamitin bilang

pampalakas (booster) na dosis sa mga 18 taong gulang at mas matanda. Para sa higit pang impormasyon sa pagkuha ng COVID-19 na booster tingnan ang: www2.gov.bc.ca/gov/content/covid-19/translation/tl/booster.

Ang pagkuha ng lahat ng mga inirerekomendang dosis ng bakuna ay ang iyong pinakamahusay na proteksyon laban sa COVID-19.

Mahalaga na itago ang isang tala ng lahat ng mga natanggap na pagbabakuna. Siguraduhing dalhin ang iyong tala ng pagbabakuna kapag bumalik ka para sa iyong susunod na dosis ng bakuna.

Ano ang dapat kong gawin pagkatapos kong makuha ang bakuna?

Matapos mong makuha ang bakuna, magpatuloy na sundin ang mga rekomendasyon ng pampublikong pangkalusugan, tulad ng: paghuhugas ng kamay o paggamit ng pandisimpekta ng kamay, pisikal na pagdidistansya at pagsusuot ng maskara.

Ano ang mga benepisyo ng bakuna?

Ang pagbabakuna sa COVID-19 ay ang pinakamahusay na paraan upang maprotektahan ka laban sa COVID-19, na isang mapanganib at kung minsan nakamamatay na sakit. Sa mga klinikal na pagsubok, ang mga nakatanggap ng subunit na protina na bakuna ay humigit-kumulang 90% na mas mababa ang posibilidad na magkasakit sa COVID-19. Ang mga mRNA na bakuna (Moderna at Pfizer-BioNTech) laban sa COVID-19 ay nagbibigay ng mas mahusay na proteksyon laban sa impeksyon kaysa sa iba pang mga bakuna laban sa COVID-19 na inaprubahan para gamitin sa Canada. Kapag nabakunahan ka, nakakatulong ka ring protektahan ang iba, kasama na ang mga hindi makakuha ng bakuna.

Ano ang mga posibleng reaksiyon pagkatapos ng bakuna?

Napakaligtas ang mga bakuna. Mas ligtas na kumuha ng bakuna kaysa makakuha ng COVID-19. Ang mga bakuna ay hindi mga buhay na virus na bakuna at hindi maaaring makakapagbigay sa iyo ng COVID-19. Ang mga karaniwang reaksiyon sa mga bakuna ay maaaring kasama ang pagkasensitibo, sakit, pamumula at pamamaga kung saan ibinigay ang bakuna. Ang iba pang mga reaksiyon ay maaaring kasama ang pagkapagod, sakit ng ulo, lagnat,

sakit ng kalamnan o kasukasan, pagduwal at pagsusuka. Ang mga reaksiyon na ito ay banayad at sa pangkalahatan ay tatagal ng 1 hanggang 2 araw. Kung mayroon kang mga alalahanin tungkol sa anumang mga sintomas na nagkaroon ka pagkatapos matanggap ang bakuna, makipag-usap sa iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan o tumawag sa **8-1-1** para sa payo.

Ang mga bihirang kaso ng pamamaga ng puso (myocarditis at pericarditis) ay naiulat pagkatapos makuha ang subunit na protina na bakuna. Ang mga kaso ay naganap karaniwan sa mga lalaki 12-39 taong gulang. Ang bilang ng mga kaganapang ito pagkatapos makuha ang subunit na protina na bakuna ay hindi alam.

Ang Acetaminophen (hal. Tylenol®) o ibuprofen (hal. Advil®) ay maaaring inumin para sa lagnat o sakit. Ang ASA (hal. Aspirin®) ay hindi dapat ibigay sa sinumang wala pang 18 taong gulang dahil sa panganib ng Reye Sindrom.

Para sa impormasyon tungkol sa Reye Sindrom, tingnan ang [HealthLinkBC File #84 Reye Syndrome](#).

Mahalagang manatili sa klinika ng 15 minuto pagkatapos makuha ng anumang bakuna dahil halos 1 sa isang milyong mga tao ay maaaring magkaroon ng isang nagbabanta-sa-buhay na alerhiyang reaksiyon na tinatawag na anaphylaxis. Maaaring kasama dito ang mga pantal, kahirapan sa paghinga, o pamamaga ng lalamunan, dila o mga labi. Kung mangyari ang reaksiyong ito, nakahanda ang iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan na gamutin ito. Kasama sa paggamot sa emerhensiya ang pangangasiwa ng epinephrine (adrenaline) at paglipat sa pinakamalit na departamento ng emerhensiya sa pamamagitan ng ambulansya. Kung magkaroon ng mga sintomas pagkatapos mong umalis sa klinika, tumawag sa **9-1-1** o sa numero ng iyong lokal na emerhensiya.

Palaging iulat ang seryoso o hindi inaasahang mga reaksiyon sa iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan.

Sino ang hindi dapat kumuha ng bakuna?

Hindi ka dapat magpabakuna kung mayroon kang malubhang alerhiya (anaphylaxis) sa polysorbate 80 na nasa bakuna. Ito ay matatagpuan din sa mga medikal na paghahanda (hal., mga langis ng bitamina, mga tableta at mga ahenteng panlaban sa kanser) at mga pampanganda. Makipag-usap sa iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan kung nagkaroon ka ng anaphylaxis pagkatapos ng nakaraang dosis ng isang bakuna sa

COVID-19 o kung nagkaroon ka ng anaphylaxis na hindi alam ang dahilan.

Mayroon bang mga karagdagang pagsasaalang-alang sa pagkuha ng bakuna?

Makipag-usap sa iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan kung ikaw ay:

- Nasuri na may pamamaga ng puso (myocarditis o pericarditis) ng isang manggagamot pagkatapos ng nakaraang dosis ng isang bakuna sa COVID-19 nang walang ibang dahilan na natukoy
- Mayroong kasaysayan ng multisystem inflammatory sindrom kasunod ng COVID-19
- May mga sintomas ng COVID-19

Kung mayroon kang isang bagong sakit na pumipigil sa iyo mula sa iyong mga regular na aktibidad, dapat kang maghintay hanggang sa gumaling ka. Makakatulong ito upang makilala ang mga epekto ng bakuna mula sa paglala ng iyong sakit.

Ano ang COVID-19?

Ang COVID-19 ay isang impeksyon sa mga daanan ng hangin at mga baga na sanhi ng SARS-CoV-2 coronavirus. Ang mga sintomas ng COVID-19 ay maaaring magsama ng ubo, igsi ng paghinga, lagnat, pangingin, pagkapagod at pagkawala ng amoy o panlasa. Habang ang ilang mga tao na may COVID-19 ay maaaring walang mga sintomas o banayad na mga sintomas lamang, ang iba ay maaaring mangailangang ma-ospital at maaaring mamatay. Ang malubhang karamdaman ay mas karaniwan sa mga mas matatanda at sa mga may tiyak na talamak na mga kondisyon sa kalusugan tulad ng diyabetis, sakit sa puso o sakit sa baga. Para sa ilang mga tao, ang mga sintomas ng COVID-19 ay maaaring tumagal ng mga linggo o mas matagal. Ang mga pangmatagalang epekto ng COVID-19 sa kalusugan ng isang tao ay hindi alam.

Paano kumakalat ang COVID-19?

Ang virus na sanhi ng COVID-19 ay kumakalat mula sa bawat tao sa pamamagitan ng pag-ubo, pagbating, pakikipag-usap at pagkanta. Maaari rin itong kumalat sa pamamagitan ng paghipo ng isang bagay o ibabaw na may virus at pagkatapos ay hawakan ang iyong mga mata, ilong o bibig.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga bakuna sa COVID-19, bisitahin ang pahina ng bakuna sa COVID-19 ng BCCDC www.bccdc.ca/health-info/diseases-conditions/covid-19/covid-19-vaccine.



Para sa karagdagang HealthLinkBC File na mga paksa, bisitahin ang www.HealthLinkBC.ca/more/resources/healthlink-bc-files o ang iyong lokal na yunit ng pampublikong kalusugan. Para sa hindi pang-emerhensiyang impormasyon sa kalusugan at payo sa B.C. bisitahin ang www.HealthLinkBC.ca o tawagan ang **8-1-1** (libreng tawag). Para sa bingi at nahihirapang makarinig, tumawag sa **7-1-1**. Ang mga serbisyo ng pagsasalin ay makukuha sa mahigit sa 130 mga wika kapag hiniling.